ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH

# ALAMEDA ALLIANCE WELLNESS (HMO D-SNP)
# BOUD NG MGA BENEPISYO SA 2026



H2035_25_2451_D-SNP_MBR SOB CY26_C Approved 08272025

**Kung mayroon kang mga tanong**, mangyaring tawagan ang Alameda Alliance Wellness sa **1.888.88A.DSNP** (**1.888.882.3767**). Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1.800.735.2929**. Bukas kami nang pitong (7) araw sa isang linggo, 8 am – 8 pm. Libre ang tawag. **Para sa karagdagang impormasyon**, bisitahin ang **www.alamedaalliance.org/alliancewellness.**

## Panimula

Ang dokumentong ito ay isang maikling buod ng mga benepisyo at serbisyong saklaw ng Alameda Alliance Wellness (HMO D-SNP). Kabilang dito ang mga sagot sa mga madalas itanong, mahalagang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, pangkalahatang-ideya ng mga benepisyo at serbisyong iniaalok, at impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan bilang miyembro ng Alameda Alliance Wellness. Ang mga mahahalagang termino at ang mga kahulugan ng mga ito ay lumilitaw sa alpabetikong pagkakasunud-sunod sa huling kabanata ng Handbook ng Miyembro.

# Talaan ng Mga Nilalaman


A. Mga Pagtanggi ........ 3

B. Mga madalas itanong (Frequently asked questions, FAQ) ........ 13

C. Listahan ng mga saklaw na Serbisyo ........ 20

D. Mga benepisyong sakop sa labas ng Alameda Alliance Wellness ........ 53

E. Mga serbisyong hindi saklaw ng Alameda Alliance Wellness, Medicare, at Medi-Cal ........ 54

F. Ang iyong mga karapatan bilang miyembro ng plano ........ 55

G. Paano maghain ng reklamo o umapela kung may serbisyong tinanggihan, naantala, o binago. ........ 58

H. Ano ang gagawin kung pinaghihinalaan mo ang pandaraya ........ 59

## A. Mga Pagtanggi

Ito ay buod ng mga serbisyong pangkalusugang saklaw ng Alameda Alliance Wellness (HMO D-SNP) para sa Enero 1, 2026 hanggang Disyembre 31, 2026. Ito ay isang buod lamang. Mangyaring basahin ang *Handbook ng Miyembro* para sa buong listahan ng mga benepisyo. Upang makakuha ng kumpletong listahan ng mga serbisyong saklaw namin, mangyaring sumangguni sa Handbook ng Miyembro sa aming website sa **www.alamedaalliance.org/alliancewellness** o sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa **1.888.88A.DSNP (1.888.882.3767)**. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1.800.735.2929**. Bukas kami nang pitong (7) araw sa isang linggo, 8 am – 8 pm. Tandaan: Makukuha ang Handbook ng Miyembro sa aming website pagsapit ng Oktubre 15, 2025.

- Ang Alameda Alliance Wellness ay isang HMO D-SNP na plano na may kontrata sa Medicare at kontrata sa Estado ng California ng Medi-Cal (Medicaid) na Programa. Ang pagpapatala sa Alameda Alliance Wellness ay depende sa pag-renew ng kontrata.
- Kasama sa Alameda Alliance Wellness ang saklaw para sa mga reseta ng gamot (Medicare Bahagi D). Iniaalok ng Alameda Alliance Wellness ang kaginhawaan ng pagkakaroon ng parehong serbisyong medikal at reseta ng gamot na saklaw sa iisang plano.
- Para makasali sa Alameda Alliance Wellness, kailangan mayroon ka ng parehong Medicare Bahagi A at Medicare Bahagi B, karapat-dapat para sa buong Medi-Cal (Medicaid), at nakatira sa aming lugar ng serbisyo. Kasama sa aming lugar ng serbisyo ang Lalawigan ng Alameda.
- Matatagpuan ang Direktoryo ng Tagapagkaloob at Parmasya ng aming plano sa aming website **www.alamedaalliance.org/help/find-a-doctor**.
- Para makuha ang pinakakompleto at pinakabagong impormasyon tungkol sa mga gamot na saklaw, maaari mong bisitahin ang aming website sa **www.alamedaalliance.org/alliancewellness**.

- Para sa higit ang impormasyon tungkol sa **Medicare**, maaari mong basahin ang handbook na *Medicare & You*. Mayroon itong buod ng mga benepisyo, karapatan, at proteksyon ng Medicare at mga sagot sa mga madalas itanong tungkol sa Medicare. Makukuha mo ito sa website ng Medicare (www.medicare.gov) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa **Medi-Cal**, maaari mong tingnan ang website ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangkalusugan ng California (California Department of Healthcare Services, DHCS) (www.dhcs.ca.gov/) o makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Medi-Cal ng Ombudsman sa 1-888-452-8609, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. Maaari ka ring tumawag sa espesyal na Ombudsman para sa mga taong may Medicare at Medi-Cal, sa 1-855-501-3077, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 9:00 a.m. at 5:00 p.m.

Paunawa ukol sa Pagkakaroon ng mga Serbisyo sa Tulong sa Wika at mga Pantulong na Kagamitan at Serbisyo

PANSININ: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). May mga magagamit ding tulong at serbisyo para sa mga taong may mga kapansanan, gaya ng mga dokumentong nasa braille at malaking letra. Tumawag sa **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). Libre ang mga serbisyong ito.

## العربية (Arabic)

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ **1.888.882.3767**

(TTY: **1.800.735.2929**) . تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة

بطريقة بريل والخط الكبير. اتصل بـ **1.877.888.882.3767**

(TTY: **1.800.735.2929**). هذه الخدمات مجانية .

## Հայերեն (Armenian)

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ` Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Զանգահարեք **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**): Այդ ծառայություններն անվճար են:

**<u>ខ្មែរ (Cambodian)</u>**

ចំណាំ៖ បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរផុស សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

**<u>中文 (Chinese – Simplified)</u>**

请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如盲文和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**)。这些服务都是免费的。

## 繁體中文 (Chinese Traditional)

请注意：如果您需要以您的母语提供的帮助，請撥打 **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**)。我們可為殘障人士提供相應的輔助設施和服務，如盲文和大字印刷體格式的文件。請撥打**1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**)。此類服務均免費提供。

## فارسی (Farsi)

توجه: اگر می خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با **1.888.882.3767** تماس بگیرید. (TTY: **1.800.735.2929**)

کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است

تماس بگیرید. این خدمات **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**) رایگان ارائه می‌شوند.

## हिंदी (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।

**Hmoob (Hmong)**

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

**日本語 (Japanese)**

注意日本語での対応が必要な場合は **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**)へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**)へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

**한국어 (Korean)**

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

**ພາສາລາວ (Laotian)**

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານ ໃຫ້ໂທຫາເບີ **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). ຍັງມີ ຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສຳລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນ ເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມີໂຕພິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໂທຫາເບີ **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

**Mien**

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluo mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

## ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ| ਕਾਲ ਕਰੋ **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ|

## Русский (Russian)

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру **1.888.882.3767** (линия TTY: **1.800.735.2929**). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру **1.888.882.3767** (линия TTY: **1.800.735.2929**). Такие услуги предоставляются бесплатно.

## Español (Spanish)

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). Estos servicios son gratuitos.

**Tagalog (Filipino)**

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). Libre ang mga serbisyong ito.

**ภาษาไทย (Thai)**

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

**Українська (Ukrainian)**

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). Ці послуги безкоштовні.

**Tiếng Việt (Vietnamese)**
CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số **1.888.882.3767** (TTY: **1.800.735.2929**). Các dịch vụ này đều miễn phí.

- Makukuha ang dokumentong ito nang libre sa Espanyol, Tsino, Bietnames, Farsi, at Tagalog sa aming website sa **www.alamedaalliance.org/alliancewellness**.

- Puwede mong hilingin na palagi naming ipadala ang impormasyon sa wika o format na kailangan mo. Ito ay tinatawag na isang nakatakdang kahilingan. Para makuha ang dokumentong ito sa isang wika maliban sa Ingles o sa isang kahaliling balangkas ngayon at sa hinaharap, mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Alameda Alliance Wellness sa **1.888.88A.DSNP (1.888.882.3767)**. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1.800.735.2929**. Kami ay bukas pitong (7) araw sa isang linggo, 8 am - 8 pm. Papanatilihing naka-file ng Mga Serbisyo sa Miyembro ang gusto mong wika at balangkas para sa mga komunikasyon sa hinaharap. Upang gumawa ng anumang mga pag-update sa iyong kagustuhan, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro.

## B. Mga madalas itanong (Frequently asked questions, FAQ)

Ang sumusunod na talahanayan ay naglilista ng mga madalas itanong.

| Mga Madalas Itanong | Mga Sagot |
|---|---|
| **Ano ang Medicare-Medi-Cal (Medi-Medi) na Plano?** | Ang Medi-Medi Plan ay isang planong pangkalusugan na may kontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal upang maibigay ang mga benepisyo ng dalawang programa sa mga nakatala rito. Ito ay para sa mga taong edad 21 at mas matanda. Isang organisasyon ang Medi-Medi Plan na binubuo ng mga doktor, ospital, parmasya, tagapagkaloob ng Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (Long-term Services and Supports, LTSS), at iba pang mga tagapagkaloob. Mayroon din itong mga koordinator ng pangangalaga upang tulungan kang pamahalaan ang lahat ng iyong mga tagapagkaloob at serbisyo at suporta. Kumikilos silang lahat para maibigay ang pangangalagang kailangan mo. |

| Mga Madalas Itanong | Mga Sagot |
| --- | --- |
| **Makukuha ko ba ang parehong mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal sa Alameda Alliance Wellness na nakukuha ko ngayon?** | Direkta mong makukuha mula sa Alameda Alliance Wellness ang karamihan sa iyong mga sakop na benepisyo ng Medicare at Medi-Cal. Makikipagtulungan ka sa isang pangkat ng mga tagapagkaloob na tutulong na matukoy kung anong mga serbisyo ang pinakamahusay na makakatugon sa iyong mga pangangailangan. Ibig sabihin nito, ang ilang mga serbisyo na natatanggap mo ngayon ay maaaring magbago batay sa iyong mga pangangailangan at sa pagsusuri ng iyong doktor at pangkat ng pangangalaga. Maaari ka ring makatanggap ng iba pang mga benepisyo sa labas ng iyong pangangalagang pangkalusugan sa parehong paraan na ginagawa mo ngayon, direkta mula sa isang ahensya ng Estado o lalawigan gaya ng Mga Serbisyong Suporta sa Tahanan (In-Home Supportive Services, IHSS), mga espesyal na serbisyong pangkalusugan sa pag-iisip at paggamit ng substansiya, o mga serbisyo mula sa sentrong pangrehiyon.<br><br>Kapag nagpatala ka sa Alameda Alliance Wellness, ikaw at ang iyong pangkat ng pangangalaga ay magtutulungan upang bumuo ng Indibidwal na Plano ng Pangangalaga na tutugon sa iyong mga pangangailangan sa kalusugan at suporta, na sumasalamin sa iyong mga sariling kagustuhan at layunin.<br><br>Kung umiinom ka ng anumang gamot na nasa Bahagi D ng Medicare na hindi karaniwang sinasaklaw ng Alameda Alliance Wellness, maaari kang makakuha ng pansamantalang suplay, at tutulungan ka namin na lumipat sa ibang gamot o makakuha ng eksepsiyon para sa Alameda Alliance Wellness para saklawin ang iyong gamot kung ito ay medikal na kinakailangan. Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito. |

| Mga Madalas Itanong | Mga Sagot |
|---|---|
| **Maaari ko bang gamitin ang parehong mga doktor na ginagamit ko ngayon?** **(ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Madalas ganoon ang kaso. Kung ang iyong mga tagapagkaloob (kabilang ang mga doktor, ospital, terapista, parmasya, at iba pang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan) ay nakikipagtulungan sa Alameda Alliance Wellness at may kontrata sa amin, maaari ka pa ring magpatuloy sa kanila.<br>• Ang mga tagapagkaloob na may kasunduan sa amin ay "nasa-network." Nakikilahok ang mga tagapagkaloob ng network sa aming plano. Nangangahulugan iyon na tinatanggap nila ang mga miyembro ng aming plano at nagbibigay ng mga serbisyong saklaw ng aming plano. Dapat mong gamitin ang mga tagapagkaloob sa network ng Alameda Alliance Wellness. Kung gagamitin mo ang mga tagapagkaloob o parmasya na wala sa aming network, maaaring hindi magbayad ang plano para sa mga serbisyo o gamot na ito.<br>• Kung kailangan mo ng agaran o emerhensiyang pangangalaga o mga serbisyo ng pag-diyalisis sa labas ng lugar, maaari kang gumamit ng mga tagapagbigay-serbisyo na wala sa plano ng Alameda Alliance Wellness.<br>• Kung ikaw ay kasalukuyang nagpapagamot sa isang tagapagkaloob na wala sa network ng Alameda Alliance Wellness, o may matagal nang ugnayan sa isang tagapagkaloob na wala sa network ng Alameda Alliance Wellness, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro upang alamin kung maaari kang manatiling konektado at humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga.<br>• Posible kang makakuha ng pagpapatuloy ng pangangalaga sa loob ng hanggang 12 buwan o higit pa kung totoo ang lahat ng ito:<br>    o Mayroon kang patuloy na ugnayan sa tagapagkaloob na hindi kasama sa network bago ka nagpatala sa Alameda Alliance Wellness.<br>    o Pumunta ka sa tagapagkaloob na hindi kasama sa network para sa isang hindi pang-emerhensiyang pagbisita kahit isang beses lang sa loob ng 12 buwan bago ang iyong pagpapatala sa Alameda Alliance Wellness. |

| Mga Madalas Itanong | Mga Sagot |
|---|---|
| **Maaari ko bang gamitin ang parehong mga doktor na ginagamit ko ngayon? (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | ○ Handang makipagtulungan ang tagapagkaloob na wala sa network sa Alameda Alliance Wellness at sumasang-ayon sa mga kinakailangan sa kontrata ng Alameda Alliance Wellness at pagbabayad para sa mga serbisyo.<br>○ Natutugunan ng tagapagkaloob na hindi kasama sa network ang mga propesyonal na pamantayan ng Alameda Alliance Wellness.<br>○ Nakatala at kasalukuyang lumalahok sa programang Medi-Cal ang tagapagkaloob na wala sa network.<br><br>Kung hindi sasali ang iyong mga tagapagkaloob sa network ng Alameda Alliance Wellness sa pagtatapos ng 12 buwan, hindi sumasang-ayon sa mga rate ng pagbabayad ng Alameda Alliance Wellness, o hindi nakakatugon sa mga kinakailangan sa kalidad ng pangangalaga, kakailanganin mong lumipat sa mga tagapagkaloob na nasa network ng Alameda Alliance Wellness.<br><br>Hindi obligado ang Alameda Alliance Wellness na magbigay ng pagpapatuloy ng pangangalaga para sa tagapagkaloob na hindi kasama sa network para sa ilang mga pantulong na serbisyo tulad ng radiolohiya, laboratoryo, sento ng pagdiyalisis, o transportasyon. Makukuha mo ang mga serbisyong ito sa isang tagapagkaloob na nasa network ng Alameda Alliance Wellness.<br><br>Para malaman kung kasama ang iyong mga doktor sa network ng plano, tumawag sa Mga Serbisyo par asa Miyembro gamit ang mga numero sa ibaba ng pahinang ito o tingnan ang Direktoryo ng mga Tagapagkaloob at Parmasya ng Alameda Alliance Wellness sa website ng plano sa **www.alamedaalliance.org/help/find-a-doctor.**<br><br>Kung bago sa iyo ang Alameda Alliance Wellness, makikipagtulungan kami sa iyo upang bumuo ng Isang Indibiduwal na Plano ng Pangangalaga na tutugon sa iyong mga pangangailangan. |

| Mga Madalas Itanong | Mga Sagot |
|---|---|
| **Ano ang isang koordinator ng pangangalaga ng Alameda Alliance Wellness?** | Ang koordinator ng pangangalaga ng Alameda Alliance Wellness ay ang pangunahing tao na maaari mong kontakin. Tutulungan ka ng taong ito na pamahalaan ang lahat ng iyong mga tagapagkaloob at mga serbisyo, at tinitiyak na makukuha mo ang lahat ng iyong kailangan. |
| **Ano ang Pangmatagalang mga Serbisyo at Suporta (LTSS)?** | Ang Pangmatagalang mga Serbisyo at Suporta (LTSS) ay tulong para sa mga taong nangangailangan ng tulong sa paggawa ng pang-araw-araw na gawain tulad ng pagligo, paggamit ng banyo, pagbibihis, pagluluto ng pagkain, at pag-inom ng gamot. Karamihan sa mga serbisyong ito ay ibinibigay sa iyong tahanan o sa iyong komunidad ngunit maaaring ibigay sa isang pag-aalaga sa tahanan o ospital. Sa ilang kaso, maaaring pamahalaan ng lalawigan o ibang ahensya ang mga serbisyong ito, at makikipag-ugnayan ang iyong koordinator ng pangangalaga o pangkat ng pangangalaga sa ahensyang iyon. |
| **Ano ang Programa para sa Maramihang Serbisyo ng Nakakatanda (Multipurpose Senior Services Program, MSSP)?** | Nagbibigay Ang MSSP ng patuloy na koordinasyon ng pangangalaga kasama ang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na higit pa sa ibinibigay ng iyong pangangalagang pangkalusugan, at maaari ka nitong ikonekta sa iba pang kinakailangang serbisyo at mapagkukunan sa komunidad. Tutulungan ka ng programang ito na makuha ang mga serbisyong makakatulong sa iyo na mamuhay nang nakapag-iisa sa iyong tahanan. |
| **Ano ang mangyayari kung kailangan ko ng isang serbisyo ngunit walang sino man sa network ng Alameda Alliance Wellness ang makakapagbigay nito?** | Karamihan sa mga serbisyo ay ibibigay ng aming mga tagapagkaloob na kabilang sa network. Kung kailangan mo ng isang serbisyo na hindi maibibigay sa loob ng aming network, babayaran ng Alameda Alliance Wellness ang gastos para sa tagapagkaloob na hindi kasama sa network. |
| **Saan makukuha ang Alameda Alliance Wellness?** | Ang lugar ng serbisyo para sa planong ito ay kinabibilangan ng: Lalawigan ng Alameda. Kailangan mong manirahan sa lugar na ito upang makasali sa plano. |

| Mga Madalas Itanong | Mga Sagot |
|---|---|
| **Ano ang paunang awtorisasyon?** | Ang paunang awtorisasyon ay nangangahulugang isang pag-apruba mula sa Alameda Alliance Wellness para maghanap ng mga serbisyo sa labas ng aming network o para makakuha ng mga serbisyong hindi karaniwang saklaw ng aming network **bago** mo makuha ang mga serbisyo. Maaaring hindi saklawin ng Alameda Alliance Wellness ang serbisyo, pamamaraan, bagay, o gamot kung hindi ka kukuha ng paunang awtorisasyon.<br><br>**Kung kailangan mo ng agaran o emerhensiya na pangangalaga o mga serbisyo sa pag-diyalisis sa labas ng lugar, hindi mo kailangang kumuha muna ng paunang awtorisasyon.** Maibibigay ng Alameda Alliance Wellness sa iyo o sa iyong tagapagkaloob ang isang listahan ng mga serbisyo o pamamaraan na nangangailangan sa iyo na kumuha ng paunang awtorisasyon mula sa Alameda Alliance Wellness bago ibigay ang serbisyo. Kung may mga tanong ka tungkol sa kung kailangan ng paunang awtorisasyon para sa tiyak na mga serbisyo, pamamaraan, gamit, o gamot, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito para sa tulong. |
| **Ano ang rekomendasyon?** | Ang rekomendasyon ay nangangahulugang ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan (primary care provider, PCP) ***o*** pangkat ng pangangalaga ay dapat bigyan ka ng pag-apruba upang pumunta sa isang taong hindi mo PCP. Ang isang rekomendasyon ay iba kaysa sa isang paunang awtorisasyon. Kung hindi ka makakuha ng rekomendasyon mula sa iyong PCP ***o*** pangkat ng pangangalaga, maaaring hindi saklawin ng Alameda Alliance Wellness ang mga serbisyo. Maibibigay sa iyo ng Alameda Alliance Wellness ang isang listahan ng mga serbisyo na nangangailangan sa iyo na kumuha ng rekomendasyon mula sa iyong PCP ***o*** pangkat ng pangangalaga bago ibigay ang serbisyo. Sumangguni sa *Handbook ng Miyembro* upang matuto nang higit pa tungkol sa kung kailan mo kakailanganing kumuha ng rekomendasyon mula sa iyong PCP o pangkat ng pangangalaga. |

| Mga Madalas Itanong | Mga Sagot |
|---|---|
| **Nagbabayad ba ako ng buwanang halaga (tinatawag ding regular na bayad) sa ilalim ng Alameda Alliance Wellness?** | Hindi. Dahil mayroon kang Medi-Cal, hindi ka magbabayad ng anumang buwanang halaga, kabilang ang iyong Medicare Bahagi B na regular na bayad, para sa iyong saklaw sa kalusugan. |
| **Nagbabayad ba ako ng nababawas bilang miyembro ng Alameda Alliance Wellness?** | Hindi. Hindi ka nagbabayad ng mga nababawas sa Alameda Alliance Wellness. |
| **Ano ang pinakamataas na mula sa bulsa na halaga na babayaran ko para sa mga serbisyong medikal bilang miyembro ng Alameda Alliance Wellness?** | Walang pagbabahagi sa gastos para sa mga serbisyong medikal sa Alameda Alliance Wellness, kaya ang iyong taunang gastos mula sa bulsa ay magiging $0. |
| **Ano ang Panahon kung kailan Isinasama ang Kita para sa Pagiging Kwalipikado?** | Kung ang isang miyembro ay hindi na nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado ngunit makatuwirang inaasahan na matutugunan niya ang mga pamantayang iyon sa loob ng tatlong (3) buwan, itinuturing na patuloy na karapat-dapat ang miyembro sa Medicare Advantage (MA) na plano sa loob ng tatlong (3) buwan. Mangyaring makipag-ugnayan sa Alameda Alliance Wellness para sa mga detalye. |

## C. Listahan ng mga saklaw na Serbisyo

Ang sumusunod na talahanayan ay isang mabilis na pangkalahatang-ideya ng kung anong mga serbisyo ang maaaring kailanganin mo, ang iyong mga gastos, at mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo.

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng pangangalaga sa ospital (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Pananatili sa ospital | $0 | Kinakailangan ang paunang awtorisasyon. Sinasaklaw ang mga serbisyo ng ospital kapag tinukoy na medikal na kinakailangan ng iyong gumagamot na doktor at Alameda Alliance Wellness. Saklaw ang pananatili sa ospital kapag medikal na kinakailangan.<br><br>Maliban sa isang emerhensiya, dapat sabihin ng iyong doktor ang plano na ikaw ay ipapapasok sa ospital. Dapat kang pumunta sa mga doktor sa network, mga espesyalista, at mga ospital. Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon para sa hindi pang-emerhensiyang pamamaraan ng ospital sa network. |
| | Pangangalaga ng doktor o siruhano | $0 | Ibinibigay ang pangangalaga ng doktor at siruhano bilang bahagi ng iyong pamamalagi sa ospital. Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon. |

**Kung mayroon kang mga tanong**, mangyaring tawagan ang Alameda Alliance Wellness sa **1.888.88A.DSNP** (**1.888.882.3767**). Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **1.800.735.2929**. Bukas kami nang pitong (7) araw sa isang linggo, 8 am – 8 pm. Libre ang tawag. **Para sa karagdagang impormasyon**, bisitahin ang **www.alamedaalliance.org/alliancewellness.**

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng pangangalaga sa ospital (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Mga serbisyong pang-ospital para sa pasyenteng hindi kailangang maospital, kabilang ang pag-obserba. | $0 | Maaaring mailapat ang mga tuntunin para sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangang rekomendasyon para sa mga serbisyong pang-ospital para sa pasyenteng hindi kailangang maospital, para sa mga hindi pang-emerhensiyang pamamaraan. |
| | Mga serbisyo ng Pasilidad para sa operasyon ng pasyenteng hindi kailangang maospital (Ambulatory surgical center, ASC) | $0 | Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon. |
| **Gusto mo ng doktor (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Mga pagbisita upang gamutin ang isang pinsala o sakit | $0 | Dapat kang pumunta sa mga doktor sa network, mga espesyalista, at mga ospital.<br><br>Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon. Kinakailangan ang rekomendasyon para sa mga ospital at espesyalista sa network (para sa ilang partikular na benepisyo). |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Gusto mo ng doktor (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Pangangalaga ng espesyalista | $0 | Dapat kang pumunta sa mga doktor sa network, mga espesyalista, at mga ospital.<br>Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon. Kinakailangan ang rekomendasyon para sa mga ospital at espesyalista sa network (para sa ilang partikular na benepisyo). |
| | Mga pagbisita para sa kagalingan, gaya ng pisikal | $0 | Taunang Pagbisita para sa Kagalingan tuwing 12 buwan. |
| | Pangangalaga para maiwasan kang magkasakit, tulad ng mga bakuna sa trangkaso at mga pagsusuri upang masuri kung may kanser | $0 | Mga serbisyong pang-iwas at pagsusuri:<br>• Mga pagsusuri para sa pamumuo o paglaki ng ugat sa tiyan<br>• Pagsusuri at pagpapayo para sa maling paggamit ng alak<br>• Mga pagsukat ng buto<br>• Mga pagsusuri para sa sakit sa puso at mga ugat<br>• Sakit sa puso at mga ugat (terapi sa pag-uugali)<br>• Mga pagsusuri para sa kanser sa cervix at pwerta<br>• Mga pagsusuri para sa kanser sa bituka at tumbong<br>  ○ Mga pagsusuri gamit ang mga palatandaan sa dugo<br>  ○ Colonoscopies |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Gusto mo ng doktor (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Pangangalaga para maiwasan kang magkasakit, tulad ng mga bakuna sa trangkaso at mga pagsusuri upang masuri kung may kanser | $0 | ○ Pagsusuri gamit ang kompyuter at X-ray para makagawa ng detalyadong larawan ng loob ng katawan (Computed tomography, CT) sa bituka<br>○ Mga pagsusuri ng dumi para sa nakatagong dugo<br>○ Pagsusuri sa tumbong at huling bahagi ng bituka gamit ang nababaluktot na tubo<br>○ Mga pagsusuri ng dumi gamit ang Asidong Deoksiribonucliko (Deoxyribonucleic Acid, DNA) para sa maraming puntirya na senyales<br>• Pagpapayo upang maiwasan ang paggamit ng tabako at mga sakit na dulot nito<br>• Mga pagsusuri para sa depresyon<br>• Mga pagsusuri para sa diyabetis<br>• Pagsasanay sa sariling pamamahala ng diyabetis<br>• Mga pagsusuri para sa glaucoma<br>• Bakuna laban sa Hepatitis B<br>• Nga pagsusuri para sa impeksiyon ng birus ng Heptits B (Hepatitis B virus, HBV)<br>• Mga pagsusuri para sa birus ng Hepatitis C |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Gusto mo ng doktor (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | | | • Mga Pagsusuri para sa Birus na Nakakaapekto sa Sistema ng Imyunidad ng Tao (Human Immunodeficiency Virus, HIV)<br>• Mga pagsusuri para sa kanser sa baga<br>• Pagsusuri para sa suso (pagsusuri)<br>• Terapi na mga serbisyo para medikal na nutrisyon<br>• Programa ng Medicare para sa Pag-iwas sa Diyabetis<br>• Terapi sa pag-uugali para sa labis na timbang<br>• Isang beses na pang-prebensyon na pagbisita sa ilalim ng "Maligayang Pagdating sa Medicare"<br>• Pre-exposure prophylaxis (PrEP) para sa pag-iwas sa HIV<br>• Pagsusuri para sa kanser sa prostate<br>• Pagsusuri at pagpapayo para sa mga impeksiyon na naipapasa sa pakikipagtalik<br>• Mga bakuna:<br>    ○ Mga bakuna laban sa sakit na dulot ng Coronavirus (Coronavirus Disease, COVID)-19<br>    ○ Mga bakuna laban sa trangkaso |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Gusto mo ng doktor (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | | | ○ Bakuna laban sa Hepatitis B<br>○ Mga bakuna laban sa pulmonya<br><br>Maaaring mailapat ang mga kinakailangan sa mga panuntunan sa paunang awtorisasyon. |
| | "Maligayang Pagdating sa Medicare" (pang-prebensyon na pagbisita nang isang beses lang) | $0 | Sinasaklaw ng aming plano ang isang beses na pagbisitang pang-prebensyon sa "Maligayang Pagdating sa Medicare" sa unang 12 buwan na mayroon ka ng Medicare Bahagi B. |
| **Kailangan mo ng emerhensiya na pangangalaga (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Serbisyo sa silid-pang-emerhensiya | $0 | Maaari kang pumunta sa anumang silid-pang-emerhensiya kung makatuwirang naniniwala kang kailangan mo ng pangangalagang pang-emerhensiya. Maaari mong i-akses ang mga serbisyo sa silid-pang-emerhensiya sa labas ng network ng Alameda Alliance Wellness at nang walang paunang awtorisasyon.<br><br>Maaari kang makakuha ng saklaw na pang-emerhensiyang medikal na pangangalaga anumang oras na kailangan mo ito, saanman sa Estados Unidos, nang walang kinakailangang paunang pahintulot o rekomendasyon. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng emerhensiya na pangangalaga (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | | | Bilang karagdagan, ang mga serbisyong pang-emerhensiyang pangangalaga na natanggap sa labas ng Estados Unidos ay saklaw hanggang $25,000 bawat taon ng kalendaryo. |
| | Agarang pangangalaga | $0 | Maaari kang pumunta sa alinmang agarang pangangalaga kapag ang isang kondisyon, karamdaman, o pinsala ay hindi nagbabanta sa buhay, ngunit kinakailangan pa rin ng agarang medikal na pangangalaga. Maaari mong i-akses ang mga serbisyo ng agarang pangangalaga sa labas ng network ng Alameda Alliance Wellness at nang walang paunang awtorisasyon. |
| **Kailangan mo ng mga medikal na pagsusuri (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Mga serbisyong pang-diagnostiko na radiology (halimbawa, X-ray o iba pang imaging services gaya ng Kompyuterisadong Aksyal na Tomograpiya (Computed Axial Tomography, CAT) na pag-scan o Magnetic Resonance Imaging (MRI)). | $0 | Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng mga medikal na pagsusuri (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Mga pagsusuri sa laboratoryo at pang-diagnostiko na pamamaraan, tulad ng pagsusuri ng dugo. | $0 | Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon. |
| **Kailangan mo ng tulong o pagsusuri sa pandinig (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Mga pagsusuri sa pandinig | $0 | Pagsusuri para malaman kung may problema sa pandinig o balanse at para masabi kung kailangan mo ng medikal na tulong.<br><br>Maaaring mailapat ang mga kinakailangan sa rekomendasyon. |
| | Mga pantulong sa pandinig (hearing aid) | $0 | Makakatanggap ka ng hanggang $775 na alawans kada tainga bawat taon para sa dalawang pantulong sa pandinig. Ang saklaw para sa pantulong sa pandinig ay para sa parehong tainga. Kasama sa benepisyo para sa pantulong sa pandinig ang mga molde, kagamitang pang-modipikasyon, at mga aksesorya. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng tulong o pagsusuri sa pandinig (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | | | Ang nagtitinda ng pantulong sa pandinig ay NationsHearing. Ang numero ng pakikipag-ugnayan ng NationsHearing ay 1.877.408.7542 (TTY: 711), at ang kanilang mga tagapayo sa karanasan sa miyembro ay magagamit 8 am – 8 pm, lokal na oras, pitong (7) araw sa isang linggo, kasama ang mgapista opisyal.<br><br>Makipag-ugnayan sa Alameda Alliance Wellness para sa higit pang detalye.<br><br>Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng pangangalaga sa ngipin (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Mga pagsusuri at pangangalagang pang-prebensiyon | $0 | inasaklaw ng Medi-Cal ang pagsusuri sa ngipin at pangangalagang pang-prebensiyon.<br><br>Magagamit ang ilang serbisyo sa ngipin sa pamamagitan ng Programa sa Ngipin ng Medi-Cal o Bayad-Bawat-Serbisyo (Fee-For-Service, FFS) na Medi-Cal. Kung mayroon kang mga tanong o kung gusto mong matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tumawag sa Programa sa Ngipin ng Medi-Cal sa **1.800.322.6384** (TTY **1.800.735.2922** o **711**). Maaari ka ring makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga benepisyo sa ngipin at mga tagapagkaloob ng Medi-Cal sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Programa sa Ngipin ng Medi-Cal sa **https://smilecalifornia.org/contact-us/**. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng pangangalaga sa ngipin (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Pagpapanumbalik at pang-emerhensiya na pangangalaga sa ngipin | $0 | Sinasaklaw ng aming plano ang karagdagang mga serbisyong at pamamaraan sa ngipin na hindi sakop ng Programa sa Ngipin ng Medi-Cal tulad ng:<br>• Pagpapanumbalik<br>• Mga pustiso (natatanggal at permanente)<br>• Karagdagang Pangkalahatang Serbisyo<br>Nakikipag-partner ang aming plano sa Liberty Dental upang maibigay ang iyong mga benepisyo sa ngipin. Maaaring mailapat ang mga pagbubukod at limitasyon sa benepisyo. Ang numero ng pakikipag-ugnayan ng Liberty Dental ay **1.888.704.9838.** Puwedeng tumawag sa **1.877.855.8039** ang mga gumagamit ng TTY.<br>8:00 am hanggang 8:00 pm PT: Ika-1 ng Oktubre - ika-31 ng Marso: 7 araw sa isang linggo Ika-1 ng Abril - ika-30 ng Setyembre: Lunes – Biyernes. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng pangangalaga sa ngipin (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Pagpapanumbalik at pang-emerhensiya na pangangalaga sa ngipin | $0 | Ang mga serbisyo sa pagpapanumbalik ng ngipin at emerhensiyang pangangalaga sa ngipin ay saklaw sa pamamagitan ng Programa sa Ngipin ng Medi-Cal o FFS Medi-Cal. Kung mayroon kang mga tanong o kung gusto mong matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tumawag sa Programa sa Ngipin ng Medi-Cal sa **1.800.322.6384** (TTY **1.800.735.2922** o **711**). Maaari ka ring makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga benepisyo sa ngipin at mga tagapagkaloob sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Programa sa Ngipin ng Medi-Cal sa: **https://smilecalifornia.org/contact-us/.**<br><br>Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng pangangalaga sa mata** **(ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Mga pagsusuri sa mata | $0 | Sinasaklaw ng aming plano ang isang (1) nakagawiang pagsusuri sa mata bawat taon.<br><br>Kailangang makuha ang mga nakagawiang serbisyo sa pangangalaga sa mata gamit ang isang tagapagkaloob na Kompanya ng Seguro na Vision Service Plan (VSP) Advantage.<br><br>Mangyaring tumawag sa **1.855.492.9028** (TTY: **711**) 8am - 8pm, pitong (7) araw sa isang linggo, o pumunta sa **www.vsp.com/advantageonly** upang makahanap ng tagapagkaloob na nakikilahok sa network ng VSP Advantage.<br><br>Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng pangangalaga sa mata (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Mga salamin sa mata o contact lens | $0 | Sinasaklaw ng aming plano ang isang pares ng salamin sa mata (balangkas ng salamin at lente) O mga contact lens.<br>• Hanggang $150 para sa isang pares ng nakagawiang salamin sa mata (mga frame) o mga contact lens bawat dalawang (2) taon. Ang mga karaniwang lente (lente para sa iisang distansya ng paningin, lente na may dalawang bahagi para sa malayo at malapit na paningin, o lente na may linya sa pagitan ng bawat bahagi) ay saklaw nang buo tuwing dalawang taon.<br>Kailangang makuha ang mga nakagawiang serbisyo sa pangangalaga sa mata gamit ang isang tagapagkaloob na Kompanya ng Seguro na Vision Service Plan (VSP) Advantage.<br>Mangyaring tumawag sa **1.855.492.9028** (TTY: **711**) 8am - 8pm, pitong (7) araw sa isang linggo, o pumunta sa **www.vsp.com/advantageonly** upang makahanap ng tagapagkaloob na nakikilahok sa network ng VSP Advantage. |
| | Iba pang pangangalaga sa paningin | $0 | |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip | $0 | |
| | Pangangalaga sa pasyenteng kailangang maospital at pasyenteng hindi kailangang maospital pati na rin mga serbisyong nakabatay sa komunidad para sa mga taong nangangailangan ng serbisyong pangkalusugang sa pag-iisip. | $0 | Makakakuha ka ng hanggang 190 araw ng pangangalaga sa ospital na saykayatriko bilang pasyenteng kailangang maospital sa kabuuan ng buhay mo. Ang mga serbisyo sa ospital na saykayatriko bilang pasyenteng kailangang maospital ay bibilang ng 190-araw na limitasyon sa kabuuan ng buhay kung matutugunan ang ilang partikular na kondisyon Ang limitasyong ito ay hindi nalalapat sa mga serbisyo sa ospital na saykayatriko bilang pasyenteng kailangang maospital na ibinigay sa isang pangkalahatang ospital. |
| | Pangangalaga sa pasyenteng kailangang maospital at pasyenteng hindi kailangang maospital pati na rin mga serbisyong nakabatay sa komunidad para sa mga taong nangangailangan ng serbisyong pangkalusugang sa pag-iisip. | $0 | Sinasaklaw ng plano ang 90 araw para sa pananatili sa ospital ng pasyenteng kailangang maospital. Sinasaklaw ng plano ang 60 panghabambuhay na araw ng reserba. $0 na co-pay bawat panghabambuhay na araw ng reserba.<br><br>Maliban sa isang emerhensiya, dapat sabihin ng iyong doktor ang plano na ikaw ay ipapapasok sa ospital. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan sa pag-iisip (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | | | Mayroon kang pag-akses sa kinakailangang medikal na mga serbisyong pangkalusugan ng pag-uugali na saklaw ng Medicare at Medi-Cal. Hindi nagbibigay ang aming plano ng espesyal na mga serbisyong pangkalusugan sa pag-iisip ng Medi-Cal o mga serbisyo para sa problema sa paggamit ng substansya ng lalawigan, ngunit magagamit mo ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng mga ahensya sa kalusugan ng pag-uugali ng lalawigan.<br><br>Magagamit mo ang espesyal na mga serbisyong pangkalusugan sa pag-iisip ng Medi-Cal sa pamamagitan ng plano sa kalusugan ng pag-iisip (mental health plan, MHP) ng lalawigan kung matutugunan mo ang pamantayan para ma-akses ang mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng Sentralisadong Sistema ng Pagpasok ng Lalawigan ng Alameda (Alameda County Centralized Entry System, ACCESS) ng Lalawigan ng Alameda para sa Kalusugan sa Pag-uugali (**1.800.491.9099**). |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan sa pag-iisip (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | | | Para sa higit pang impormasyon sa mga serbisyong ito sumangguni sa Seksyon D sa dokumentong ito at sa Handbook ng Miyembro.<br>Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon. Gayunpaman, walang paunang awtorisasyon ang kinakailangan para sa isang paunang pagtatasa sa kalusugan sa pag-iisip. |
| **Kailangan mo ng mga serbisyo para sa problema sa paggamit ng substansya (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Mga serbisyo para sa problema sa paggamit ng substansya | $0 | Ang paggamit ng substansya ay kinabibilangan ng:<br>• Pagsusuri at pagpapayo para sa maling paggamit ng alak<br>• Paggamot sa pag-abuso sa droga<br>• Mga Serbisyo para sa Krisis<br>• Mga serbisyo sa pagpapagaling sa paggamit ng substansiya ng pasyenteng hindi kailangang maospital<br>• Mga serbisyo ng pasyenteng hindi kailangang maospital na kinabibilangan ng trabaho sa laboratoryo, mga gamot, at mga suplay<br>• Mga serbisyo ng pasyenteng hindi kailangang maospital upang subaybayan ang terapi sa gamot |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng mga serbisyo para sa problema sa paggamit ng substansya (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | | | • Paggamot na Tinulungan ng Gamot<br>• Masusing Programa para sa Pasyenteng hindi kailangang maospital para sa paggamit ng substansya<br>• Mga Programa ng Bahagyang Pagpapasok sa Ospital para sa paggamit ng substansya<br>• Mga serbisyo sa detox para sa pasyenteng kailangang maospital at pasyenteng hindi kailangang maospital<br><br>Walang paunang awtorisasyon ang kinakailangan para sa mga pagbisita sa pasyenteng hindi kailangang maospital na may mga nakakontratang tagapagkaloob para sa paggamit ng substansiya.<br><br>Nagbibigay din ang iyong ahensya ng lalawigan ng mga serbisyo para sa problema sa paggamit ng substansya na sakop ng Medi-Cal para sa mga miyembrong nakakatugon sa mga panuntunan ng medikal na pangangailangan. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng mga serbisyo para sa problema sa paggamit ng substansya (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | | | Maaari kang makipag-ugnayan nang direkta sa Sentralisadong Sistema ng Pagpasok ng Lalawigan ng Alameda (ACCESS) ng Lalawigan ng Alameda para sa Kalusugan sa Pag-uugali para ma-akses ang mga serbisyo ng lalawigan **1.800.491.9099**. Para sa higit pang impormasyon sa mga serbisyong ito, sumangguni sa Seksyon D sa dokumentong ito at sa Handbook ng Miyembro. Maaaring naaangkop sa iba pang mga serbisyo ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon.<br><br>Maaaring mailapat ang mga kinakailangan sa rekomendasyon. |
| **Kailangan mo ng lugar na matitirhan kung saan may mga tao na makakatulong sa iyo.** | Ekspertong pangangalaga ng nars | $0 | Nangangailangan ng rekomendasyon at paunang awtorisasyon. Sakop ang pananatili kapag medikal na kinakailangan. |
| | Pangangalaga sa tirahan para sa matatanda o may sakit | $0 | Nangangailangan ng rekomendasyon at paunang awtorisasyon. Sakop ang pananatili kapag medikal na kinakailangan. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng terapi pagkatapos ng istrok o aksidente** | Terapi sa paggawa, pisikal, o pagsasalita | $0 | Sinasaklaw ang medikal na kinakailangang pisikal na terapi, paggawa na terapi, at patolohiya sa pagsasalita at wika habang ikaw ay nasa ospital at pasilidad ng ekspertong pangangalaga ng nars.<br><br>Maaaring mailapat ang paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon para sa mga patuloy na serbisyo pagkatapos lumabas. |
| **Kailangan mo ng tulong sa pagpunta sa mga serbisyong pangkalusugan (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Mga serbisyo ng ambulansya | $0 | Hindi kinakailangan ang paunang awtorisasyon para sa mga serbisyong pang-emerhensiyang ambulansya na kasama sa network at hindi kasama sa network.<br><br>Para sa mga hindi pang-emerhensiyang serbisyo ng ambulansya, maaaring ilapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon. |
| | Pang-emerensiya na transportasyon | $0 | |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng tulong sa pagpunta sa mga serbisyong pangkalusugan (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Transportasyon sa mga medikal na iskedyul ng pagkikita at serbisyo | $0 | Sinasaklaw ng aming plano ang walang limitasyong mga balikang byahe bawat taon sa mga lokasyong inaprubahan ng plan sa benepisyo ng Medi-Cal.<br>Maaaring mailapat ang mga kinakailangan sa rekomendasyon.<br>Kinakailangan ang paunang awtorisasyon para sa mga biyaheng higit sa 50 milya.<br>Makipag-ugnayan sa Alameda Alliance Wellness para sa higit pang detalye. |
| **Kailangan mo ng mga gamot para gamutin ang iyong sakit o kondisyon (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Mga gamot sa Medicare Bahagi B | $0 | Kasama sa mga gamot sa Bahagi B ang mga gamot na ibinigay ng iyong doktor sa kanilang tangapan, ilang gamot para sa kanser sa bibig, ilang gamot na ginagamit kasama ng ilang partikular na kagamitang medikal, ilang gamot sa pag-iwas sa HIV, at ilang partikular na bakuna. Basahin ang *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon sa mga gamot na ito.<br>Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng mga gamot upang gamutin ang iyong sakit o kondisyon (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Mga Medicare Bahagi D na gamot<br><br>Lahat ng Sinasaklaw na Bahagi D na Gamot | $0/$1.60/ $5.10 para sa 30-araw na suplay ng mga generic na gamot.<br><br>$0/$4.90/ $12.65 para sa 30-araw na suplay ng tatak/lahat ng iba pang gamot<br><br>Maaaring mag-iba ang mga copay para sa mga gamot batay sa antas ng Karagdagang Tulong na makukuha mo. Mangyaring makipag-ugnayan sa plano para sa higit pang mga detalye. | Maaaring may mga limitasyon sa mga uri ng mga gamot na sakop. Mangyaring sumangguni sa *Listahan ng Mga Sakop na Gamot* (*Listahan ng Gamot*) ng Alameda Alliance Wellness para sa higit pang impormasyon.<br><br>Kapag ikaw o ang iba sa iyong ngalan ay nagbayad ng $2,100.00 naabot mo na ang saklaw para sa malalaking gastusin sa gamot, at magbabayad ka ng $0 para sa lahat ng iyong gamot sa Medicare. Basahi ang *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon sa yugtong ito.<br><br>Para sa ilang sakop na mga inireresetang gamot sa Bahagi D ng Medicare, ang mga suplay ng pinahabang araw (90 araw) ay makukuha sa mga tingi na parmasya sa network o sa pamamagitan ng pag-order sa koreo. Ang halaga ng pagbabahagi sa gastos para sa mga pinahabang araw na suplay na ito ay kapareho ng para sa isang buwang suplay. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng mga gamot upang gamutin ang iyong sakit o kondisyon (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Gamot na mabibili nang walang reseta (Over the counter, OTC) | $0 | Maaaring may mga limitasyon sa mga uri ng mga gamot na sakop. Mangyaring sumangguni sa *Listahan ng Mga Sakop na Gamot* (*Listahan ng Gamot*) ng Alameda Alliance Wellness para sa higit pang impormasyon.<br><br>Nag-aalok ang aming plano ng buwanang alawans na $50 para sa mga bagay na OTC tulad ng ubo at sipon na gamot, bitamina, pampawala ng sakit, benda, at iba pang karapat-dapat na produkto. Ang mga hindi nagamit na halaga ay hindi maililipat sa susunod na kwarter.<br><br>Nag-aalok ang aming plano ng debit card para bumili ng mga produktong OTC na hindi reseta sa tindahan sa mga kalahok na parmasya, mga lokasyon ng tingi, online, o sa pamamagitan ng telepono.<br><br>Makipag-ugnayan sa Alameda Alliance Wellness para sa higit pang detalye.<br><br>Bilang karagdagan, mayroon ka ring mga benepisyo ng Medi-Cal OTC. Mangyaring bisitahin ang Medi-Cal Rx website (**www.medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/**) para sa higit pang impormasyon. Maaari ka ring tumawag sa Sentro ng Serbsiyo para sa Kustomer ng Medi-Cal Rx sa **1.800.977.2273**. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng tulong para bumuti o may mga espesyal na pangangailangan sa kalusugan (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Mga serbisyo para sa rehabilitasyon | $0 | **Sakop ang mga serbisyo para sa rehabilitasyon** ng pasyeteng hindi kailangang maospital na Medikal na kinakailangan, kabilang ang pisikal na terapi, paggawa na terapi, at mga serbisyo sa patolohiya sa pagsasalita at wika.<br><br>Maaaring mailapat ang koordinasyon ng iyong doktor, mga panuntunan sa paunang awtorisasyon, at mga kinakailangan sa rekomendasyon. Makipag-ugnayan sa Alameda Alliance Wellness para sa higit pang detalye.<br><br>**Ang Koordinasyon ng Mga Serbisyo sa Rehabilitasyon ng Puso at Pulmonaryo** ng iyong doktor, ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon ay maaaring mailapat. |
| | Mga kagamitang medikal para sa pangangalaga sa tahanan | $0 | Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon.<br><br>Makipag-ugnayan sa Alameda Alliance Wellness para sa higit pang detalye. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng tulong para bumuti o may mga espesyal na pangangailangan sa kalusugan (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Mga serbisyo sa pag-diyalisis | $0 | Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) na Tagapamahala ng Kaso at ang iyong pangunahing tagapangalaga sa kapakanan ng tao sa sentro ng pag-diyalisis ay makakatulong sa iyo na mahanap ang isang sentro ng pag-diyalisis kapag ikaw ay naglalakbay.<br><br>Maaaring mailapat ang paunang awtorisasyon at mga panuntunan sa rekomendasyon.<br><br>Makipag-ugnayan sa Alameda Alliance Wellness para sa higit pang detalye. |
| **Kailangan mo ng pangangalaga sa paa** | Mga serbisyo ng podiatry | $0 | Ang mga pagbisita sa podiatry na sakop ng Medicare ay limitado sa mga pagsusuri sa paa at paggamot kung mayroon kang pinsala sa nerbiyo na nauugnay sa diyabetis at/o nakakatugon sa ilang partikular na kundisyon. Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon. |
| | Serbisyo para sa orthotics (mga pantulong na aparato sa buto at kalamnan) | $0 | Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng matibay na kagamitang medikal (durable medical equipment, DME)**<br>**Tandaan: Hindi ito kumpletong listahan ng sakop na DME. Para sa kumpletong listahan, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyopar asa Miyembro o sumangguni sa Kabanata 4 ng *Handbook ng Miyembro*.** | Mga silyang de-gulong, saklay at mga andador | $0 | Ibinibigay kapag medikal na kinakailangan at inireseta ng isang lisensyadong tagapagkaloob.<br>Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon.<br>Makipag-ugnayan sa Alameda Alliance Wellness para sa higit pang detalye. |
| | Mga nebulizer (kagamitan para sa paglanghap ng gamot) | $0 | Ibinibigay kapag medikal na kinakailangan at inireseta ng isang lisensyadong tagapagkaloob.<br>Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon.<br>Makipag-ugnayan sa Alameda Alliance Wellness para sa higit pang detalye. |
| | Mga kagamitan at suplay ng oxygen | $0 | Ibinibigay kapag medikal na kinakailangan at inireseta ng isang lisensyadong tagapagkaloob.<br>Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng tulong sa pamumuhay sa tahanan (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan | $0 | Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon.<br><br>Makipag-ugnayan sa Alameda Alliance Wellness para sa higit pang detalye. |
| | Mga serbisyo sa tahanan, tulad ng paglilinis o gawaing-bahay, o mga pagbabago sa bahay gaya ng mga suportang kapitan | $0 | Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon.<br><br>Kung kailangan mo ng karagdagang tulong sa tahanan, makipag-ugnayan sa Alameda Alliance Wellness para sa higit pang mga detalye. Maaaring may mga pagkakataon na mag-aplay para sa programa ng Mga Serbisyong Tulong sa Loob ng Bahay (IHSS) o iba pang mga serbisyo. Para sa impormasyon kung paano makakuha ng IHSS bisitahin ang https://www.alamedacountysocialservices.org. Pumunta sa pahina ng "Tumatanggap ng IHSS". |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng tulong sa pamumuhay sa tahanan (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Pang-araw na pangkalusugang serbisyo para sa matatanda, Mga Serbisyong Nakabatay sa Komunidad para sa Matatanda (Community Based Adult Services, CBAS), o iba pang serbisyong pansuporta | $0 | Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon.<br>Makipag-ugnayan sa Alameda Alliance Wellness para sa higit pang detalye. |
| | Pang-araw na mga serbisyong habilitasyon | N/A (Hindi Magagamit) | Hindi sakop na serbisyo. |
| | Mga serbisyo upang matulungan kang mamuhay nang mag-isa (mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa tahanan o mga serbisyo ng sariling tagapag-alaga) | $0 | Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon.<br>Ang Mga Serbisyong Tulong sa Loob ng Bahay (IHSS) ay magbabayad para sa serbisyo ng tagapag-alaga upang manatili kang ligtas sa iyong sariling tahanan.<br>Kung kailangan mo ng karagdagang tulong sa tahanan, makipag-ugnayan sa Alameda Alliance Wellness para sa mga detalye. Maaaring may mga pagkakataong mag-aplay para sa Mga Serbisyong Tulong sa Loob ng Baha (IHSS). Para sa impormasyon kung paano makakuha ng IHSS bisitahin ang https://www.alamedacountysocialservices.org. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Kailangan mo ng tulong sa pamumuhay sa tahanan (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Mga serbisyo upang matulungan kang mamuhay nang mag-isa (mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa tahanan o mga serbisyo ng sariling tagapag-alaga) | $0 | Pumunta sa pahina ng "Tumatanggap ng IHSS". |
| **Mga karagdagang serbisyo (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)** | Mga chiropractic (paggamot ng mga problema sa buto, kasukasuan, kalamnan, at nerbiyos) na serbisyo | $0 | Limitado para sa paggamot ng gulugod sa pamamagitan ng manu-manong pagmamanipula.<br><br>Limitado sa pinakamataas na dalawang (2) serbisyo bawat buwan, o kumbinasyon ng dalawang (2) serbisyo bawat buwan mula sa mga sumusunod na serbisyo: acupuncture (pagtusok ng karayom para sa paggamot), audiology (paggamot ng mga problema sa pandinig at balanse), paggawa na paggawa, at terapi sa pananalita.<br><br>Maaaring aprubahan ng aming plano ang mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan. Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon. |
| | Mga suplay at serbisyo para sa diyabetis | $0 | Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon. |

| **Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan** | **Mga serbisyong maaaring kailanganin mo** | **Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob** | **Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo)** |
|---|---|---|---|
| **Karagdagang mga serbisyo (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Linya ng Pagpapayo ng Nars | $0 | Makipag-usap sa isang nars na sasagot sa mga tanong na medikal, magbibigay ng payo sa pangangalaga, at tutulong sa iyong magpasya kung dapat kang pumunta kaagad sa isang tagapagkaloob.<br><br>Makakuha ng tulong sa mga medikal na kundisyon gaya ng diyabetis o hika, kasama ang payo tungkol sa kung anong uri ng tagapagkaloob ang naaangkop para sa iyong kundisyon.<br><br>Tumawag ng libre sa **1.888.433.1876** (TTY: **711**) sa pamamagitan ng benepisyo ng Medi-Cal. |
| | Mga serbisyong prostetik | $0 | Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon. |
| | Terapi gamit ang radyasyon | $0 | Maaaring mailapat ang mga panuntunan sa paunang awtorisasyon at mga kinakailangan sa rekomendasyon. |
| | Mga serbisyo na makakatulong na pamahalaan ang iyong sakit | $0 | |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Karagdagang mga serbisyo (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Teladoc | $0 | Nag-aalok ang aming plano ng opsyon na kumuha ng ilang partikular na serbisyo sa telehealth, kabilang ang mga serbisyo ng doktor at praktisyoner upang gamutin ang mga hindi pang-emerhensiya na kondisyon sa ilalim ng Pangkalahatang Medisina, Dermatolohiya at Kalusugan sa Pag-iisip sa pamamagitan ng telepono o video sa pamamagitan ng benepisyo ng Medi-Cal.<br><br>Kung pipiliin mong tanggapin ang isa sa mga serbisyong ito sa pamamagitan ng telehealth, dapat kang gumamit ng nasa network na tagapagkaloob na nag-aalok ng serbisyo sa pamamagitan ng telehealth.<br><br>Nagbibigay ang Teladoc ng mga konsultasyon sa doktor sa pamamagitan ng telepono o video mula sa kaginhawaan ng tahanan mo nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.<br><br>Tumawag ng libre sa **1.800.835.2362** o sa pamamagitan ng pag-iskedyul ng isang video chat sa Teladoc na aplikasyon upang gamutin ang mga di-emerhensiya na isyu sa medikal. |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Karagdagang mga serbisyo (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | Pinagsamang Pamamahala ng Pangangalaga ng California (California Integrated Care Management, CICM) | $0 | Pinagsamang koordinasyon ng pangangalaga para sa alinman sa mga sumusunod na populasyon:<br>• Mga nasa hustong gulang nakakaranas ng kawalan ng tirahan<br>• Mga nasa hustong gulang nasa panganib para sa maiiwasang paggamit ng ospital o kagawaran ng emerhensiya<br>• Mga pangangailangan ng mga nasa hustong gulang na may malubhang kalusugan sa pag-iisip at/o problema sa paggamit ng substansya (substance use disorder, SUD).<br>• Mga nasa hustong gulang na lumilipat mula sa pagkakulong<br>• Mga nasa hustong gulang na naninirahan sa komunidad at nasa panganib para sa institusyonalisasyon ng pangmatagalang pangangalaga (long-term care, LTC).<br>• Mga residente ng pasilidad ng pag-aalaga na nasa hustong gulang na lumilipat sa komunidad |

| Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan | Mga serbisyong maaaring kailanganin mo | Ang iyong mga gastos para sa kasama sa network na mga tagapagkaloob | Mga limitasyon, eksepsiyon, at impormasyon sa benepisyo (mga tuntunin tungkol sa mga benepisyo) |
|---|---|---|---|
| **Karagdagang mga serbisyo (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)** | | | • Mga nasa hustong gulang na buntis o pagkatapos manganak at napapailalim sa pagkakaiba-iba ng lahi at etniko *(gaya ng tinukoy ng datos ng pampublikong kalusugan ng California sa sakit at pagkamatay ng ina)*<br>• Ang mga nasa hustong gulang na may dokumentadong pangangailangan ng demensya<br><br>Makipag-ugnayan sa isang koordinator ng pangangalaga gamit ang numero ng telepono sa iyong kard ng ID para makatanggap ng CICM. |

Ang buod ng mga benepisyo sa itaas ay ibinigay para sa mga layuning pang-impormasyon lamang at hindi isang kumpletong listahan ng mga benepisyo. Para sa kumpletong listahan at higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga benepisyo, maaari mong basahin ang*Handbook ng Miyembro* ng Alameda Alliance Wellness. Kung wala kang *Handbook ng Miyembro*, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Alameda Alliance Wellness sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahina na ito para makakuha ng isa. Kung mayroon kang mga tanong, maaari ka ring tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro o bumisita sa **www.alamedaalliance.org/alliancewellness**.

## D. Mga benepisyong sakop sa labas ng Alameda Alliance Wellness

Mayroong ilang mga serbisyong makukuha mo na hindi sakop ng Alameda Alliance Wellness ngunit sakop ng Medicare, Medi-Cal, o isang ahensya ng Estado o lalawigan. Hindi ito kumpletong listahan. Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito upang malaman ang tungkol sa mga serbisyong ito.

| Iba pang mga serbisyong sakop ng Medicare, Medi-Cal, o isang Ahensya ng Estado | Ang iyong mga gastos |
|---|---|
| Ilang serbisyo para sa ngipin<br><br>Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng miyembro ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin (Dental Managed Care, DMC) ay matatagpuan sa **www.dental.dhcs.ca.gov/Contact_Us/DMC_Member_Contact_Information/DMCMemberContactInformation**.<br><br>Para sa Bayad-kada-Serbisyo ng Medi-Cal para sa Ngipin, makipag-ugnayan sa Medi-Cal para sa Ngipin sa **1.800.322.6384** o bisitahin ang website sa **https://smilecalifornia.org or https://sonriecalifornia.org**. | $0 |
| Ang ilang partikular na serbisyo sa pangangalaga sa hospisyo na sakop sa labas ng Alameda Alliance Wellness | $0 |
| Rehabilitasyon para sa pangkaisipan at panlipunan | $0 |
| Mga naka-target na pamamahala ng kaso | $0 |
| Magpahinga sa silid sa tahanan at kumain | $0 |
| Maraming Layunin na Programa sa Mga Serbisyo sa Nakakatanda (MSSP) | $0 |
| Espesyal na serbisyo sa pag-iisip (Specialty mental health, SMH) | $0 |
| Tirahang may Tulong sa Pang-araw-araw na Gawain | $0 |
| Mga Serbisyo para sa Problema sa Paggamit ng Substansya (Substance User Disorder Services, SUD) | $0 |
| Mga Pansuportang Serbisyo sa Bahay (In-Home Supportive Services, IHSS) | $0 |
| Mga Serbisyo para sa Sentrong Pangrehiyon | $0 |
| Mga reseta na sakop ng Medi-Cal RX | $0 |

## E. Mga serbisyong hindi saklaw ng Alameda Alliance Wellness, Medicare, at Medi-Cal

Hindi ito kumpletong listahan. Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numero sa footer ng dokumentong ito upang malaman ang tungkol sa iba pang mga hindi kasamang serbisyo.

| **Mga Serbisyong Hindi saklaw ng Alameda Alliance Wellness, Medicare, at Medi-Cal** | |
|---|---|
| In vitro fertilization (IVF), kabilang ang, pero hindi limitado sa mga pag-aaral sa pagkabaog o mga pamamaraan para ma-diagnose o magamot ang pagkabaog | |
| Preserbasyon ng kakayahang magkaanak | |
| Mga pang-eksperimentong serbisyo maliban kung bahagi ng klinikal na pagsubok | |
| Mga modipikasyon ng sasakyan | |
| Operasyong pangkosmetiko | |

## F. Ang iyong mga karapatan bilang miyembro ng plano

Bilang miyembro ng Alameda Alliance Wellness, mayroon kang ilang mga karapatan. Maaari mong gamitin ang mga karapatang ito nang hindi pinaparusahan. Maaari mo ring gamitin ang mga karapatang ito nang hindi nawawala ang iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Sasabihin namin sa iyo ang tungkol sa iyong mga karapatan kahit isang beses sa isang taon. Para sa karagdagang impormasyon sa iyong mga karapatan, mangyaring basahin ang *Handbook ng Miyembro*. Kasama sa iyong mga karapatan, ngunit hindi limitado sa, ang mga sumusunod:

- **May karapatan kang igalang, patas, at dignidad.** Kasama dito ang karapatang:
  - Makakuha ng mga sakop na serbisyo nang walang diskriminasyon batay sa iyong medikal na kondisyon, katayuan sa kalusugan, pagtanggap ng serbisyo sa kalusugan, karanasan sa mga paghahabol, kasaysayang medikal, kapansanan (kabilang ang mental impairment), katayuan sa pag-aasawa, edad, kasarian (kabilang ang mga stereotype at pagkakakilanlan sa kasarian), sekswal na oryentasyon, bansang pinagmulan, lahi, kulay, relihiyon, paniniwala, o pagtanggap ng pampublikong tulong.
  - Makakakuha ng impormasyon sa ibang wika at balangkas (halimbawa, malalaking titik, Braille, o audio) nang libre.
  - Malaya kang hindi malagay sa anumang uri ng pisikal na pagpigil o paghihiwalay
- **May karapatan kang makakuha ng impormasyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan.** Kabilang dito ang impormasyon sa paggamot at ang mga opsyon mo sa paggamot. Ang impormasyong ito ay dapat nasa isang wika at balangkas na maiintindihan mo. Kabilang dito ang karapatang makakuha ng impormasyon sa::
  - Paglalarawan ng mga serbisyong saklaw namin
  - Paano makakuha ng mga serbisyo
  - Magkano ang gagastusin mo sa mga serbisyo
  - Mga pangalan ng mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan
- **May karapatan kang gumawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga, kabilang ang pagtanggi sa paggamot.** Kasama dito ang karapatang:
  - Pumili ng pangunahing tagapagkaloob mg pangangalaga (PCP) at palitan ang iyong PCP anumang oras sa buong taon
  - Gumamit ng tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng kababaihan nang walang rekomendasyon
  - Makakuha ng sakop na serbisyo at gamot nang mabilis.

- Alamin ang tungkol sa lahat ng opsyon sa paggamot, anuman ang halaga ng mga ito o kung saklaw ang mga ito
  - Tumanggi sa paggamot, kahit na ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay nagpapayo laban dito
  - Itigil ang pag-inom ng gamot, kahit na ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay nagpapayo laban dito
  - Humingi ng pangalawang opinyon. Babayaran ng Alameda Alliance Wellness ang halaga ng iyong pagbisita sa pangalawang opinyon
  - Ipaalam ang iyong mga kahilingan sa pangangalagang pangkalusugan sa isang paunang direktiba

- **May karapatan ka sa napapanahong pag-akses sa pangangalaga na walang anumang mga hadlang sa komunikasyon o pisikal na pag-akses.** Kasama dito ang karapatang:
  - Makakuha ng napapanahong pangangalagang medikal
  - Pumasok at lumabas sa tanggapan ng isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Nangangahulugan ito ay walang hadlang na pag-akses para sa mga taong may kapansanan, alinsunod sa Batas para sa mga Amerikano na may Kapansanan
  - Magkaroon ng mga tagasalin na tumulong sa pakikipag-usap sa iyong mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at sa iyong planong pangkalusugan

- **May karapatan kang humingi ng emerhensiya at agarang medikal na tulong kapag kailangan mo ito.** Nangangahulugan ito na mayroon kang karapatan:
  - Makakakuha ka ng serbisyong pang-emerhensiya nang hindi kailangan ng paunang pahintulot sa oras ng emerhensiya.
  - Gumamit ng isang hindi kasama sa network na agaran o emerhensiya na tagapagkaloob ng pangangalaga, kung kinakailangan

- **May karapatan ka sa pagiging kumpidensyal at pagkapribado.** Kasama dito ang karapatang:
  - Humiling at makakuha ng kopya ng iyong medikal na tala sa paraan maiintindihan mo, at humiling na baguhin o itama ang iyong tala kung kinakailangan
  - Panatilihin ang pagiging pribado ng iyong pansariling impormasyon sa kalusugan

- **May karapatan kang maghain ng reklamo o apela kung may serbisyong tinanggihan, naantala, o binago; mangyaring tingnan ang seksyon G sa ibaba.** Kasama dito ang karapatang:
    - Maghain ng reklamo o hinaing laban sa amin o sa aming mga tagapagkaloob
    - Mag-apela sa ilang desisyon na ginawa namin o ng aming mga tagapagkaloob.
    - Maghain ng reklamo sa Kagawaran ng Pamamahala sa Serbisyong Pangkalusugan (Department of Managed Health Care, DMHC) ng California sa pamamagitan ng libre na numero ng telepono (1-888-466-2219), o sa linya ng TDD (1-877-688-9891) para sa mga may kapansanan sa pandinig at pananalita. Ang website ng DMHC (www.dmhc.ca.gov/) ay may mga porma para sa reklamo, aplikasyon para sa Nakapag-iisang Medikal na Pagrepaso (Independent Medical Review, IMR), at mga tagubilin na makukuha online.
    - Humingi sa DMHC ng isang IMR ng mga serbisyo ng Medi-Cal o mga bagay na likas na medikal
    - Humingi ng Pagdinig ng Estado
    - Kumuha ng detalyadong dahilan kung bakit tinanggihan ang mga serbisyo at humingi ng mga libreng kopya ng lahat ng impormasyong ginamit sa paggawa ng desisyon

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, maaari mong basahin ang *Handbook ng Miyembro*. Kung mayroon kang mga tanong, maaari kang tumawag sa Serbisyo para sa mga Miyembro ng Alameda Alliance Wellness sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito.

Maaari mo ring tawagan ang espesyal na Ombudsman para sa mga taong mayroong Medicare at Medi-Cal sa 1-855-501-3077, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 9:00 a.m. at 5:00 p.m., o sa Tanggapan ng Ombudsman ng Medi-Cal 1-888-452-8609, Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. at 5:00 p.m.

## G. Paano maghain ng reklamo o umapela kung may serbisyong tinanggihan, naantala, o binago.

Kung mayroon kang reklamo o sa palagay mo ay mali ang pagtanggi, pagkaantala, o pagbabago ng Alameda Alliance Wellness sa isang serbisyo, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito. Maaari ka ring magsumite ng reklamo ng nakasulat sa Alameda Alliance Wellness, PANSININ: Mga Karaingan at Apela, 1240 South Loop Road, Alameda, CA 94502. Maaari mong iapela ang aming desisyon.

Para sa mga tanong tungkol sa mga reklamo at apela, maaari mong basahin ang **Kabanata 9** ng *Handbook ng Miyembro*. Maaari ka ring tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Alameda Alliance Wellness sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito.

Para sa mga reklamo, karaingan at apela, maaari mo ring gamitin ang proseso ng Nakapag-iisang Medikal na Pagrepaso (IMR) at Reklamo ng Kagawaran ng Pamamahala sa Serbisyong Pangkalusugan sa pamamagitan ng: Telepono: 1-888-466-2219 TTY: 1-877-688-9891

## H. Ano ang gagawin kung pinaghihinalaan mo ang pandaraya

Karamihan sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at organisasyon na nagbibigay ng mga serbisyo ay tapat. Sa kasamaang palad, maaaring may ilan na hindi tapat.

Kung sa palagay mo ay may maling ginagawa ang isang doktor, ospital, o ibang parmasya, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.

- Tawagan kami sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Alameda Alliance Wellness. Ang mga numero ng telepono ay ang mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito.
- O kaya, tumawag sa Sentro ng Serbisyo sa Kostumer ng Medi-Cal sa 1-800-541-5555. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-800-430-7077.
- O, tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Matatawagan mo ang mga numerong ito nang libre.

| |
|---|
| Kung mayroon kang pangkalahatang tanong o tanong tungkol sa aming plano, mga serbisyo, saklaw ng serbisyo, pagsingil, o mga kard ng ID ng Miyembro, mangyaring tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Alameda Alliance Wellness: **1.888.88A.DSNP (1.888.882.3767)**<br><br>Ang mga tawag sa numerong ito ay libre. Bukas kami nang pitong (7) araw sa isang linggo, 8 am – 8 pm. Mayroon ding libreng interpreter sa wika ang Mga Serbisyon sa Miyembro na magagamit para sa mga hindi English ang ginagamit na wika.<br>TTY: **1.800.735.2929**<br><br>Nangangailangan ang numerong ito ng espesyal na kagamitan sa telepono at para lang sa mga taong may problema sa pandinig o pagsasalita. Ang mga tawag sa numerong ito ay libre. Bukas kami nang pitong (7) araw sa isang linggo, 8 am – 8 pm. |
| **Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong kalusugan:**<br><br>Tumawag sa iyong PCP. Sundin ang mga tagubilin ng iyong PCP para sa pagkuha ng pangangalaga kapag sarado ang tanggapan. Kung sarado ang tanggapan ng iyong PCP, maaari ka ring tumawag sa Linya ng Pagpapayo ng Nars. Pakinggan ng isang nars ang iyong problema at sasabihin sa iyo kung paano makakuha ng pangangalaga. (Halimbawa: pangangalaga para sa kaginhawaan, agarang pangangalaga, silid- pang-emerhensiya). Ang mga numero para sa Linya ng Pagpapayo ng Nars ay: **1.888.433.1876**.<br><br>Ang mga tawag sa numerong ito ay libre. 24 na oras sa isang araw, bawat araw ng taon.<br><br>Ang Alameda Alliance Wellness ay mayroon ding mga libreng serbisyo ng tagasalin ng wika na magagamit para sa mga hindi nagsasalita ng Ingles. TTY: **711**<br><br>Ang mga tawag sa numerong ito ay libre. 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. |
| **Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali, mangyaring tumawag sa Linya ng Krisis sa Kalusugan ng Pag-uugali sa 1.888.88A.DSNP (1.888.882.3767) o mag-text sa 988. TTY: 711**<br><br>Ang mga tawag sa numerong ito ay libre. 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.<br><br>Ang Alameda Alliance Wellness ay mayroon ding mga libreng serbisyo ng tagasalin ng wika na magagamit para sa mga hindi nagsasalita ng Ingles. TTY: **711**. |